# KAPASIYAHAN BLG. 2023-45

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 06, S-2022 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BUISAN, BUSTOS, BULACANANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN LIMAMPUNG LIBO, ANIM NA DAAN PITUMPUNG PISO AT WALUMPUNG SENTIMO (PHP350,670.80)."**

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Buisan para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng PhP350,670.80;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Buisan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Buisan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 06, S-2022 ng Sangguniang Kabataan Buisan, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Tatlong Daan Limampung Libo, Anim na Daan Pitumpung Piso at Walumpung Sentimo (PhP350,670.80).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-27 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim